

Para sa mga dayuhang kasambahay (FDHs) at mga tagapag-empleyo

# Umiwas sa iligal na trabaho o pagtatalaga



- Ang mga Dayuhang Kasambahay (FDHs) ay dapat gumawa lamang ng **mga tungkulin pantahanan**, halimbawa mga gawaing bahay, pagluluto, pag-aalaga sa mga matatanda at bata sa sambahayan, at iba pa.



- Ang mga FDHs ay hindi dapat kumuha ng mga orasan na trabaho sa mga araw ng pahinga. **Ang Parehong FDH na kumukuha ng orasan na trabaho at ang tagapag-empleyo ay lalabag sa Ordinansa ng Imigrasyon** at mananagot sa pag-uusig.



- Ang mga FDHs ay **hindi dapat magsagawa ng mga tungkulin pantahanan sa ibang lugar maliban sa tira-han ng tagapag-empleyo** na nakasaad sa kontrata.



Para sa mga dayuhang kasambahay (FDHs) at mga tagapag-empleyo

# Proteksyon sakop ng Ordinansa ng Empleyo

Ang mga Dayuhang Kasambahay ay may karapatan sa **parehong mga benepisyo at proteksyon katulad ng mga lokal na empleyado** sakop ng mga batas sa paggawa ng Hong Kong. Halimbawa:




- **Mga Pista Opisyal**
- **Isang araw na pamamahinga** sa bawat pitong araw





- **Maybayad na taunang bakasyon** (7 hanggang 14 na araw ayon sa haba ng serbisyo)
- **Kabayaran sa paghihiwalay o Kabarayan sa paninilbihan ng mahabang panahon**





- **Pagliban sa pagdadalang tao at kabayaran sa pagliban sa pagdadalang tao**

勞工處
Labour Department

Para sa mga detalye : www.fdh.labour.gov.hk

Para sa mga dayuhang kasambahay (FDHs) at mga tagapag-empleyo


# "Kinakailangan sa pagtira sa tahanan ng tagapag-empleyo" at angkop na tirahan



- Ang mga Dayuhang Kasambahay (FDHs) ay dapat magtrabaho at **manirahan sa tahanan ng tagapag-empleyo** na nakasaad sa kontrata.



- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbigay sa mga FDHs ng **angkop na tirahan na may makatwirang pagkapribado**.



- Ang mga tagapag-empleyo **ay hindi dapat** italaga ang mga FDHs na, halimbawa, **matulog sa higaan na inilatag sa pasilyo** o makibahagi sa isang silid kasama ang isang may hustong gulang na tao/tin-edyer na may magkaibang kasarian.



- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbigay sa mga FDHs ng **mga pangunahing pasilidad sa tirahan nang walang bayad**.

# Pinakamababang Pinapayagan Sahod

Para sa mga dayuhang kasambahay (FDHs) at mga tagapag-empleyo

- Ang umiiral na Pinakamababang Pinapayagan Sahod para sa mga dayuhang kasambahay (FDHs): **$4,990 bawat buwan**.
- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbigay ng **libreng pagkain** o alawans sa pagkain **na hindi bababa sa $1,236 bawat buwan** sa mga FDHs.
- Ang mga tagapag-empleyo ay dapat magbayad ng sahod sa mga FDHs **na hindi lalampas sa 7 araw** pagkatapos ng kapanahunan ng pagsahod.
- Ang mga tagapag-empleyo na kulang ang ibinayad o gumagawa ng maling representasyon sa mga sahod ng FDH ay **mananagot sa pag-uusig**.